

AB&I Foundry

Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan at Plano sa Pagbabawas ng Panganib Mga Madalas Itanong

Mapapailalim ba ang AB&I Foundry sa mga pangangailangang pagbabawas ng panganib mula sa Regulasyon 11-18?

Napag-alaman ng draft na Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan (Health Risk Assessment, HRA) para sa AB&I Foundry na lampas sa isa o higit pang antas ng pagkilos batay sa panganib ng Regulasyon 11-18 ang mga panganib sa kalusugan mula sa mga nakapirming pinagmumulan. Ang draft na konklusyon ng Air District ay ang atasan ang AB&I Foundry na magsumite ng plano sa pagbabawas ng panganib. Gayunpaman, isasaalang-alang ang lahat ng komento bago gumawa ang Air District ng pinal na pasya sa usaping ito.

Anong mga panganib sa kalusugan ang resulta ng mga nakakalasang emisyon mula sa AB&I Foundry?

May nakumpleto nang draft na HRA para sa AB&I Foundry ang Air District. Isinasaad ng mga resulta ng draft na HRA na ang mga pinakamataas na panganib sa kalusugan para sa sinumang nalantad na indibidwal ay: 46 sa isang milyon na posibilidad na magkaroon ng kanser, 1.6 na index ng paulit ulit (chronic) na panganib, at 5.8 na index ng matindi (acute) na panganib. Nangyayari ang mga pinakamataas na panganib sa kalusugan na ito sa mga lokasyon ng manggagawa na wala sa lugar. Para sa mga tirahan, ang pinakamalalaking panganib sa kalusugan ay: 22 sa isang milyon na posibilidad na magkaroon ng kanser at 0.26 na index ng paulit ulit na panganib.

Anong mga polusyon ang pinakanakakaapekto sa mga panganib sa kalusugan?

Ang mga nakakalasang emisyon ng bakal ang pinakamalalaking kontributor sa mga pinakamataas na panganib sa kalusugan. Humigit-kumulang 81% ng posibilidad na magkaroon ng kanser ay dahil sa mga emisyon ng hexavalent chromium. Nakakaapekto rin ang mga emisyon ng benzene at cadmium sa posibilidad na magkaroon ng kanser. Ang arsenic ang pinakamalalaking kontributor sa index ng paulit ulit na panganib na hindi kanser. Ang nickel at benzene ang pinakamalalaking kontributor sa index ng matinding panganib na hindi kanser.

Hindi magagamit ang mga siyentipikong paraan na ginagamit sa HRA para maiugnay ang mga indibidwal na karamdaman sa mga pagkakalantad sa kemikal.

Saan nagmumula ang mga nakakalasang emisyon mula sa AB&I Foundry?

Ang karamihan ng mga nakakalasang emisyon ay nagmumula sa mga prosesong nangangasiwa ng nagtutunaw na bakal kasama ang: mga operasyon sa pag-cast ng tubo, operasyon sa pagbubuhos, pagpapalamig, at pag-shake out, at cupola.

Inanunsyo ng AB&I na ililipat sa Texas ang mga operasyon sa pag-mold ng buhangin. Paano ito makakaapekto sa mga kinakailangan sa pagbabawas ng panganib ng AB&I Foundry?

Ang mga nakakalasang emisyon mula sa pag-mold ng buhangin, pagbubuhos, pagpapalamig, at operasyon sa pag-shake out (pinagmumulan S-2) ay nagbibigay ng humigit-kumulang 20% sa maximum na posibilidad na magkaroon ng kanser para sa mga manggagawa. Ang mga natitirang operasyon ng AB&I Foundry (kasama ang cupola at mga makina sa pag-cast ng tubo) ay magkakaroon ng posibilidad na magkaroon ng kanser na 36 sa isang milyon, na lampas sa antas ng pagkilos batay sa posibilidad na magkaroon ng kanser na 10 sa isang milyon. Kung isasara ang S-2, patuloy na kakailanganin ng mga karagdagang pag-iingat para sa pagbabawas ng panganib para sa mga carcinogenic na emisyon mula sa mga natitirang operasyon ng AB&I Foundry.

Ang S-2 ang pangunahing kontributor sa mga epekto sa kalusugan na hindi ugnay sa kanser. Kung isasara ang S-2, umaasa ang Air District na ang mga panganib sa kalusugan na hindi ugnay sa kanser

mula sa mga natitirang operasyon ng AB&I Foundry ay magiging mas mababa sa mga antas ng pagkilos batay sa panganib na 1.0 para sa index ng chronic at acute na panganib.

Paano ako makakapagkomento sa HRA ng AB&I Foundry?

May ilang paraan para makapagsumite ng nakasulat na komento. Ang deadline ng pagkokomento ay 5:00 p.m. sa Hunyo 8, 2021.

1. Online:
 - Pumunta sa sumusunod na website: <https://www.baaqmd.gov/community-health/facility-risk-reduction-program/facility-risk-reduction-list>
 - Hanapin ang AB&I Foundry para makita ang button para sa pagkokomento para sa pasilidad na ito.
2. Sa pamamagitan ng pag-email kay Carol Allen sa: callen@baaqmd.gov
3. Sa pamamagitan ng pagsulat kay: Carol Allen, Engineering Division, BAAQMD, 375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105.

Sino ang puwede kong makaugnayan para sa mga karagdagang tanong tungkol sa HRA para sa AB&I Foundry?

- Para sa mga tanong tungkol sa mga nakakalasang emisyon, makipag-ugnayan kay:
 - Bhagavan Krishnaswamy sa bk Krishnaswamy@baaqmd.gov
- Para sa mga tanong tungkol sa mga pamamaraan ng pagmomodelo at pagkakalkula ng panganib, makipag-ugnayan kay:
 - Robert Hull sa rhull@baaqmd.gov
- Para sa iba pang tanong, makipag-ugnayan kay:
 - Carol Allen sa callen@baaqmd.gov

Kailan isasapinal ang HRA?

Isasaalang-alang ng Air District ang lahat ng komento at gagawin nito ang anumang kinakailangang pagbabago sa HRA bago ito isapinal. Ang deadline ng pagkokomento para sa draft na HRA ay 5:00 p.m. sa Hunyo 8, 2021. Ang tagal na kinakailangan para makumpleto ang pagsusuring ito ay nakadepende sa dami ng mga matatanggap naming komento. Gayunpaman, umaasa ang Air District na makukumpleto ang prosesong ito sa loob ng ilang buwan.

Kailan aatasan ang pasilidad na magsumite ng draft na Plano sa Pagpapaliit ng Panganib (Risk Reduction Plan, RRP)?

Aabisuhan ng Air District ang pasilidad tungkol sa kinakailangan sa plano sa pagpapaliit ng panganib kasabay ng pagpapaskil sa pinal na HRA. Ang takdang petsa ng Plano ay sa loob ng 6 na buwan pagkalipas ng abisong ito.

Kailan ipo-post ang draft na RRP para sa pampublikong komento?

Ipo-post ng Air District ang draft na RRP sa website ng Air District para sa pampublikong komento humigit-kumulang 8-10 buwan matapos isumite ng pasilidad ang draft na plano sa pagpapaliit ng panganib.

Kailan makukumpleto ang mga pagpapaliit sa panganib ng AB&I Foundry?

Tinatantya ng Air District na maaaprubahan ang plano sa pagpapaliit ng panganib para sa AB&I Foundry sa kalagitnaan ng 2023. Makukumpleto ang mga pagpapaliit ng panganib sa loob ng 5 taon makalipas ang petsa ng pag-apruba sa planong ito.

Itinuturing ba ang mga nadagdagang panganib sa kalusugan na paglabag sa Panuntunan 11-18?

Hindi. Ang pagkakaroon ng panganib sa kalusugan na mas mataas sa RAL ay nagti-trigger ng kinakailangan sa plano sa pagpapaliit ng panganib, pero hindi ito paglabag sa Panuntunan 11-18. Magkakaroon ng paglabag sa Panuntunan 11-18 kung hindi makakatugon ang isang pasilidad sa mga kinakailangan sa pagsusumite o pag-apruba ng plano sa pagpapaliit ng panganib, o kung hindi nito makukumpleto ang mga iniaatas na pagpapaliit ng panganib bago ang takdang petsa.